

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INUMING TUBIG

### May mga Antas ng Perfluorooctanoic Acid (PFOA) ang Middlesex Water Company Nasa Itaas ng mga Pamantayan ng Inuming Tubig at Nabigong Matugunan ang Lahat ng Kinakailangang Notipikasyon sa Publiko

Nalabag kamakailan ng sistema ng tubig natin ang pamantayan ng inuming tubig sa New Jersey, at bilang mga kostumer namin, may karapatan kang malaman ang nangyari, ang dapat mong gawin, at ang ginagawa namin para maiwasto ang sitwasyon. Ang pamantayan ng inuming tubig para sa sa Perfluorooctanoic acid (PFOA) ay nalampasan.

Bukod dito, nabigo ang Middlesex Water Company na magbigay ng inisyal na notipikasyon sa publiko sa lahat ng (mga) kailangang wika tungkol sa kahalagahan ng abiso o taglayin kung saan maaaring kontakin ng mga taong pinaglilingkuran ang sistema ng tubig para makakuha ng nakasalin na kopya ng abiso o humiling ng tulong sa naaayong wika.

Kontakin kami sa 800-549-3802 o sa [info@middlesexwater.com](mailto:info@middlesexwater.com) para makakuha ng nakasaling kopya ng mga materyales sa pampublikong notipikasyon o para humingi ng tulong.

Regular naming minomonitor ang pagkakaroon ng mga kontaminasyon sa inuming tubig na nireregula ng pederal at estado. Pinagtibay ng New Jersey ang isang pamantayan, o maximum na antas ng kontaminasyon (MCL), para sa PFOA noong 2020 at nagsimula ang kinakailangang pagmonitor noong 2021. Ang MCL para sa PFOA ay 14 na bahagi sa bawat trilyon (parts per trillion, ppt) at nakabase sa taunang tumatakbong average (running annual average, RAA), kung saan kinukuha ang average ng apat na pinakabagong quarter sa data ng pagmonitor. Noong Setyembre 7, 2021, nakatanggap kami ng abiso na ang sampol na nakolekta noong Agosto 2, 2021 ay nagpakita na lumalampas sa PFOA MCL ang sistema namin. Nakita ang PFOA na nasa 36.1 ppt, na nagdulot sa RAA na lumampas sa MCL anuman ang mga resulta sa susunod na quarter.

#### Ano ang PFOA?

Ang Perfluorooctanoic acid (PFOA) ay kabilang sa grupo ng mga kemikal na tinatawag na per- and polyfluoroalkyl substances (PFAS), ginagamit na pantulong sa pagproseso sa pagmanupaktura ng fluoropolymers na ginagamit sa hindi dumidikit na mga lutuan at iba pang produkto, gayundin ang ibang mga komersiyal at industriyal na paggamit, batay sa paglaban sa matapang na mga kemikal at mataas na mga temperatura. Ginamit na rin ang PFOA sa mga aqueous film-forming foam para sa paglaban sa sunog at pagsasanay, at makikita ito sa mga produktong pangkonsumer na tulad ng mga sapin na lumalaban sa mantsa para sa upholstery at karpit, panlabas na damit na hindi tinatablan ng tubig, at pagpakete ng pagkain na hindi tinatablan ng mantika. Ang mga pangunahing pinagmumulan ng PFOA sa inuming tubig ay kinabibilangan ng mga inilalabas ng mga industriyal na pasilidad kung saan ito ginagawa o ginagamit at ang paglabas ng aqueous film-forming na foam. Kahit na malaki ang naibawas sa paggamit ng PFOA, inaasahang magpatuloy ang kontaminasyon nang walang takdang panahon dahil labis itong nananatili sa kapaligiran at nalulusaw at kumikilos sa tubig.

#### Ano ang ibig sabihin nito?

*\*Ang mga taong umiinom ng tubig na nagtataglay ng PFOA na higit sa MCL sa pagdaan ng panahon ay puwedeng makaranas ng mga problema sa kanilang mga antas ng serum ng kolesterol sa dugo, atay, bato, immune system, o, sa mga lalaki, sa sistemang reproductibo. Ang inuming tubig na nagtataglay ng PFOA na higit sa MCL sa pagdaan ng panahon ay maaari ring magpataas sa panganib ng kanser sa borat at bato. Para sa mga babae, ang pag-inom ng tubig na nagtataglay ng PFOA na higit sa MCL sa pagdaan ng panahon ay maaaring magdulot ng mga pagkaantala sa pagbuo ng fetus at/o ng sanggol. Ang ilan sa mga epekto sa paglaki na ito ay maaaring manatili hanggang sa pagkabata.*

\* Para sa partikular na impormasyon sa kalusugan, tingnan ang [https://www.nj.gov/health/ceohs/documents/pfas\\_drinking%20water.pdf](https://www.nj.gov/health/ceohs/documents/pfas_drinking%20water.pdf).

#### Ano ang dapat kong gawin?

- Kung mayroon kang partikular na mga alalahanin sa kalusugan, labis na nakompromisong immune system, may sanggol, buntis, o matanda, maaaring mas mataas ang panganib mo kaysa sa ibang indibidwal at

dapat kang humingi ng payo mula sa iyong mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkulusugan tungkol sa pag-inom sa tubig na ito.

- Ipinapayo ng Departamento ng Kalusugan ng New Jersey na ang gatas ng sanggol at iba pang inumin para sa mga sanggol, tulad ng juice, ay dapat na ihanda gamit ang nakaboteng tubig kapag tumaas ang PFOA sa inuming tubig.
- Ang mga buntis, nagpapasuso, at nagbabalak magbuntis ay maaaring piliin ang paggamit ng nakaboteng tubig para sa inumin at pagluto para mabawasan ang pagkalantad sa PFOA.
- Maaari ring piliin ng ibang tao ang paggamit ng nakaboteng tubig para sa inumin at pagluto para mabawasan ang pagkalantad sa PFOA o ang pansala ng tubig sa bahay na sertipikadong nakababawas ng mga antas ng PFOA. May makukuhang mga aparato na ginagamit na panggamot sa tubig sa bahay na nakababawas sa mga antas ng PFOA. Para sa higit na partikular na impormasyon tungkol sa pagiging mabisa ng mga pansala ng tubig sa bahay para mabawasan ang PFOA, bisitahin ang website ng National Sanitation Foundation (NSF) International, <http://www.nsf.org/>.
- Ang pagpapakulo ng tubig ay hindi nakakatanggal ng PFOA.

Para sa higit na impormasyon, tingnan ang <https://www.nj.gov/dep/watersupply/pfas/>

## Ano ang ginagawa?

Minomonitor ng Middlesex Water Company ang mga antas ng PFOA na mga compound nang ilang taon. Nag-uulat kami ng nakikitang PFOA sa aming Taunang Ulat sa Kumpiyansa ng Konsumer na ipinapadala sa inyo mula pa noong 2008. Sa pag-antabay sa pagsasabatas sa mga pamantayang pangregulatoryo ng New Jersey, nagsimula naming suriin ang mga opsyon sa paggamot noong 2019. Ang disenyo ng bagong planta sa paggamot na makatatanggal sa dagdag na mga compound, kasama ang PFOA, ay nakumpleto na at sumasailalim sa konstruksiyon. Inaasahang magagamit ang bagong planta ng paggamot sa kalagitnaan ng 2023. Nagbigay ang Middlesex Water Company (MWC) ng inisyal na notipikasyon sa mga kostumer na orihinal na natukoy na malamang na nabigyan ng inuming tubig na mula sa planta ng paggamot na sobra ang PFOA MCL. Batay sa tuloy-tuloy na pagsusuri at update sa mga komento at palagay sa mga modelo ng tubig, napagpasyahan naming ang karagdagang mga lugar ay makakatanggap o maaaring tumanggap ng ilang bahagi ng suplay ng tubig na lampas ang PFOA MCL. Ang aming sistema ng pamamahagi ay isang integrated na network kung saan dumadaloy ang iba't ibang pinagmumulan ng tubig sa iba't ibang lugar ng network ng pamamahagi sa anumang araw, depende sa pangkalahatang pangangailangan at paggamit ng kostumer. Ang komprehensibong pagpapalawak sa lugar ng notipikasyon ay tumitiyak na lahat ng kostumer na hinahatiran o maaaring hinatiran ng anumang dami ng suplay, sa anumang panahon, ay tumatanggap ng pampublikong abiso.

Tungkol sa kabiguang matugunan ang lahat ng pangangailangan sa Pampublikong Notipikasyon (PN), titiyakin ng Middlesex Water Company na may kasamang impormasyon ang lahat ng template sa kinakailangang wika, mag-a-update kami ng aming naayong pamamaraan sa operasyon at pana-panahong susuriin ang aming mga protokol sa komunikasyon sa pagtalima para manatiling impormado sa mga kailangan sa Pampublikong Notipikasyon.

Ang inisyal na listahan ng mga naapektuhang komunidad ay kinabilangan ng lahat ng kostumer ng MWC sa South Plainfield at Clark, bahagi ng mga kostumer ng MWC sa Edison, Metuchen, at Woodbridge, at lahat sa Rahway, kostumer ng MWC sa pakyawang kontrata. Kasama na ngayon sa nirebisang pampublikong notipikasyon ang lahat ng kostumer ng MWC sa South Plainfield, Clark, Edison, Metuchen, Woodbridge at Carteret na hindi dati kasama sa simula. Bukod dito, nagbibigay kami ng karagdagang impormasyon sa mga wikang tanyag na sinasalita sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar. Para sa dagdag na impormasyon, pakikontak ang aming Departamento sa Serbisyo sa Kostumer sa 800-549-3802.

*\*Pakibahagi ang impormasyong ito sa lahat ng taong umiinom ng tubig na ito, lalo na yung maaaring hindi nakatanggap ng abisong ito nang direkta (halimbawa, mga tao sa apartment, nursing home, eskuwelahan at mga negosyo). Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpaskil sa abisong ito sa pampublikong lugar o pamamahagi ng mga kopya nang mano-mano o sa koreo.\**

Ang abisong ito ay ipinapadala sa iyo ng Middlesex Water Company. Sistema sa Tubig ng Estado ID#1225001

Petsa ng pamamahagi: Nobyembre 8, 2021 (pinalawak na notipikasyon)

Petsa ng inisyal na pamamahagi ng PN: Oktubre 22, 2021 (inisyal na notipikasyon)